REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-193

KAPASIYAHAN NA NAGTATAKDA NA TAWAGIN AT PANGALANAN ANG MANPOWER TRAINING & LIVELIHOOD DEVELOPMENT CENTER NG BENJAMIN V. DIAZ MANPOWER TRAINING & LIVELIHOOD DEVELOPMENT CENTER UPANG MAGSILBING BANTAYOG AT PAGKILALA'T PAGPAPAHALAGA SA KAHUSAYAN AT KATAPATAN NIYA SA PANAHON NG KANYANG PANUNUNGKULAN.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, bilang isang lingkod ng bayan ng pamahalaang bayan ay nagpamalas ng kasipagan, dedikasyon at buong katapatan sa tungkulin si G. Benjamin V. Diaz;

SAPAGKAT, si G. Diaz ay hindi lamang magaling na lingkod ng bayan kundi isa ring ulirang asawa at ama ng tahanan, mabuting anak ng kanyang mga magulang at magaling na kaibigan ninuman;

SAPAGKAT, si G. Diaz ay mabuting huwaran ng isang lingkod ng bayan na dapat tularan;

SAPAGKAT, ang Benjamin V. Diaz Manpower Training & Livelihood Development Center ang siyang magsisilbing alaala at bantayog para sa yumaong G. Benjamin V. Diaz na walang hinangad kungdi maglingkod ng tapat sa kanyang nasasakupan upang maging simbulo na dapat pamarisan ng bawat lingkod ng bayan.

NGAYON , DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng isang kapasiyahan na nagtatakda na tawagin at pangalanan ang Manpower Training & Livelihood Development Center ng Benjamin V. Diaz Manpower Training & Livelihood Development Center upang magsilbing bantayog at pagkilala't pagpapahalaga sa kahusayan niya sa panahon ng kanyang panunungkulan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-157 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-3 ng Hunyo 1991 sa sala ng pambayang Hukumang Pag-uusig.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg, VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts